
## *ISDA AY MAGALING PARA SA IYO KUNG ITO AY WALANG PANGANIB*

# MGA DAPAT MALAMAN NG MAY-ARI NG TINDAHAN AT MGA MAMIMILI



**Ang isdang "White Croaker," kilala din sa tawag na tomcod, 'king fish' na nahuhuli sa ilang mga baybaying dagat sa Los Angeles County, ay maaaring may mataas na antas na kemikong DDTs at PCBs kaysa ibang isda.**

- **Mga 'White Croaker' na may matataas na hawa ng kemiko ay pinagbibili sa mga palengke.**
- **Ang mga 'White Croaker' na may hawa ay nakakaabot sa mga tindahan kapag ang mga may-ari ng paninda ay bumibili mula sa mga hindi lisensiyadong mangangalakal na nangingisda sa mga kontaminadong lugar, at ibinebentang 'illegal' ang huli sa mga tao sa piyer at sa mga tindahan.**
- **Kapag bumili ng isda ang mga mangangalakal mula sa mga hindi aprobadong mangingisda, walang paraan para makatiyak ang mga mamimili na ang mga isda ay ligtas.**

## PARA MAKASIGURONG LIGTAS O 'SAFE' ANG IYONG ISDA

### MAY-ARI NG PANINDA

**Bumili lamang ng isda mula sa mga aprobadong mangangalakal tulad ng mga lisensiyadong "wholesalers, distributors" o negosyanteng mangingisda. Ang mga ito ay sinusuperbisyohan ng mga ahensya ng gobyerno.**

**Alamin kung saang lugar nahuli nang nangangalakal ang mga isda.**

**Ingatan at itago ang mga resibo na pinagbilhan ng isda.**

### MAMIMILI

**Tanungin kung saan nanggaling ang isda.**

**Bilhin ang isda kapag ang paninda ay galing sa mga lisensiyadong "wholesalers, distributors" o negosyanteng mangingisda.**

**Tiyakin na ang may-ari ng panindang 'yong pinagbilhan ay alam ang problema tungkol sa mga isdang may hawa.**

**Para sa karagdagang inpormasyon, tumawag po kayo sa Departamento ng Kalusugan:**
**Los Angeles County: (213) 240-7785 County of Orange: (714) 667-3600 City of Long Beach: (562) 570-4134**